PAGTANGGAP SA INYONG MGA KASANAYAN SA TRABAHO

PAUNANG SALITA

Kung kayo ay may kasanayan at karanasan sa trabaho ngunit hindi pa nakatapos ng apprenticeship o nakatanggap ng pormal na kwalipikasyon sa Australya, maaari kayong mag-aplay sa NSW Vocational Training Tribunal (VTT) upang matasa ang inyong kasanayan sa trabaho. Maaari ninyong gawin ito kung kayo ay nagkaroon ng kasanayan dahil sa pagtapos ng pormal na pagsasanay o dahil sa karanasan sa pagtatrabaho dito sa Australya o sa ibang bansa.

Kung ang inyong kasanayan ay kinilala ng VTT, kayo ay mabibigyan ng isang sertipiko ng kasanayan sa trabaho na kikilalanin ng buong Australya bilang isang manggagawa. Ang Pagkakakilalang ito ay suportado ng mga gobyerno ng Komonwelt at Estado, mga taga-empleyo, unyon at nagpapasanay.

Ano ang VTT?

Kasama sa NSW Vocational Training Tribunal (VTT) ang mga kinatawan ng industriya, rehistradong samahan ng mga nagpapasanay at ang Komisyonado ng mga Pangbokasyonal na Pagsasanay sa NSW.

Ulat: Hindi kayang tasahin ang VTI ang kasanayan ng mga mga taong nag-aaplay na magmigrante sa Australya. Para sa impormasyon tungkol sa pagmimigrante tawagan ang Trades Recognition Australia sa (02) 6121 7456.

TUNGKOL SA SERTIPIKO SA TRABAHO

Bakit ako kukuha ng sertipiko ng kasanayan sa trabaho?

Sa ilang trabaho, maaaring hindi kinakailangang may sertipiko ng kasanayan. Ngunit sa mga sumusunod na sitwasyon, nakakatulong ang mayroong sertipiko.

- **Kung kayo ay walang trabaho**, ang inyong pagkakataong makakuha ng trabaho ay mas mataas, dahil ang sertipiko ay nagpapakita sa mga taga-empleyo na kayo ay nababagay sa trabaho. May mga taga-empleyo na kumukuha lamang sa mga taong may sertipiko ng kasanayan.
- **Kung gusto ninyong magkaroon ng promosyon o lalong magandang trabaho**, ang isang sertipiko ng kasanayan ay nagpapataas ng inyong pagkakataon. Ang mga kwalipikadong maggagawa ay kadalasang may mas mataas na sahod kaysa mga taong walang sertipikasyon.
- **Kung kailangan ninyo ng lisensiya upang makapagtrabaho**, ang pagkakaroon ng sertipiko ay maaaring makatulong sa pagkuha ninyo ito.
- **Kung gusto ninyong dagdagan ang inyong karunungan sa trabaho**, ang isang sertipiko ng kasanayan ay maaaring makatulong sa inyo na makapasok sa isang kurso. Maaari ring makatulong ito sa pagkaroon ninyo ng "advanced standing" upang madaling matapos ang inyong kurso.

Sino ang maaaring mag-aplay ng sertipiko sa trabaho?

Maaari kayong mag-aplay ng sertipiko ng kasanayan sa trabaho kung maipakita ninyong mayroon kayong kasanayan sa paggawa bilang isang tradesperson. Halimbawa, kailangang mayroon kayong katibayan na:

- nagtrabaho kayo sa partikular na trabaho ng di-kukulangin sa apat na taon (sa loob o labas ng Australya), o
- nagtapos kayo ng apprenticeship o iba pang uri ng pagsasanay (sa loob o labas ng Australya), o
- nagtapos kayo ng isang aprobadong pantasang programa ng industriya.

PAANO MAG-APLAY

Paano mag-aplay para sa pagkakilala ng kasanayan?

Sa pag-aplay ng sertipiko sa trabaho, kailangan ninyo ng:

- humingi ng pormang pang-aplikasyon sa Vocational Training Tribunal (VTT) o ang pinakamalapit sa inyong State Training Centre (STC)
- sulatan ang pormang pang-aplikasyon
- ilakip ang 2 litrato ninyong pampasaporte na wala pang anim na buwang kinuha at pirmahan ng pangkaraniwan ninyong pirma sa likuran nito.
- ilakip ang mga katunayan ng pormal na pagsasanay sa trabaho (katulad ng kwalipikasyon) dagdag sa katibayan ng pagkaempleyo sa tanging uri ng trabaho
- ilakip ang mga sinertipikahang kopya ng mga dokumentong isinabmita ninyo
- ilakip ang bayad sa aplikasyon
- ipadala ang inyong aplikasyon sa STC o sa VTT.

May bayad ba sa pag - aplay?

Oo. Sa pagsubmita ng aplikasyon sa pagkakilala ng kasanayan, may mga babayaran kayo sa Departamento ng Edukasyon at Pagsasanay (NSW Department of Education and Training (DET)). Kung kayo ay kinakailangang masuri ng kasanayan o magawan ng pagtatasa sa trabaho, kailangan din kayong magbayad sa serbisyong iyon.

Mga babayaran	
Aplikasyon para sa pagkilala ng kasanayan	$150.00
Pagsusuri sa kasanayan	$275.00
Susunod na pagsusuri ng kasanayan dahil sa Apela	$275.00
Pagtasa sa lugar ng trabaho	$275.00
Kapalit sa sertipiko ng pagkakilala	$30.00

Maaaring magbayad ng personal sa pamamagitan ng EFTPOS, tseke ng bangko, money order o pera. Kung ipadadala ninyo ang aplikasyon sa koreo, makakapagbayad lamang kayo ng tseke ng bangko o money order (hindi pera). Sulatan itong "Payable to NSW Department of Education and Training".

Tandaan na ang mga bayad ay hindi pwedeng isauli. Ang ilang mga unyon sa trabaho ay tumutulong sa kanilang kasapi sa mga gastusin sa pagkuha ng sertipiko. Para sa dagdag na impormasyon tawagan ang Unions NSW sa (02) 9264 1691.

MGA MATATAWAGAN

Para sa dagdag na impormasyon, tawagan ang:

NSW Vocational Training Tribunal Unit

Level 12
1 Oxford Street
DARLINGHURST NSW 2010
Locked Bag 53
DARLINGHURST NSW 1300

Telepono: 02 9266 8450
Fax: 02 9266 8059
Mga oras ng opisina: 8:30nu hanggang 4:30nh Monday to Friday

O kunin ang impormasyon sa internet: http://apprenticeship.det.nsw.edu.au/

Otawagan ang pinakamalapit ninyong State Training Centre (STC), Telepono: 13 28 11.

Mga Serbisyo ng Pagsasalin - wika

Para sa mga **serbisyo ng pagsasalin-wika** (translation), tawagan ang:

Community Relations Commission for Multicultural NSW

Level 8
175-183 Castlereagh Street
SYDNEY NSW 2000

Telepono: 1300 651 500